

Another big win for Team UA REVANZE



BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
domzcaolise@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 3 NO. 1 10.00 SEP. 30 - OCT. 6, 2024

Team Dasma vs. Team Encabo BUSISIIN NATIN



Korapsiyon top concern ng Pilipino

SA isang survey ng Publicus Asia Inc. na inilabas noong Martes, Okt. 1, korapsiyon ang tinukoy na pangunahing problema na idinadaing ng mamamayang Pilipino.

Ito, ayon sa Publicus, ang sinabi ng 18 porsiyento sa

1,500 respondent sa survey na ginawa mula Setyembre 15-19, 2024.

Bukod sa korapsiyon, idinadaing ng mamamayang Pilipino ang patuloy na pagtaas ng presyo ng pagkain at iba pang

pangunahing pangangailangan at serbisyo na nagrehistro ng 15%, ekonomya, 12% at matinding kahirapan, 11%.

Ang mga ito, ayon sa survey ang kailangang agad na aksyon ni President

Bongbong Marcos.

"Corruption now tops the list, reflecting a growing frustration with governance and accountability across different sectors of society," sabi ng Publicus./BB News Desk

Comelec approves HWP

IN a statement, Health Workers Partylist welcomed the Commission on Elections (Comelec) decision to grant its registration and accreditation as a sectoral organization.

The poll body granted the motion on Sept. 23.

"Our organized efforts have paid off. We have proven once again that organized actions lead us to victory," the HWP said."

The health group first three nominees are registered midwife and Alliance of Health Workers National President Robert Mendoza, registered nurse Maristela Presto-Abenojar, and HWP President Dr. Benigno Santi II, respectively.

The other nominees are Dr. Catherine Joyce Brillantes, nurse Jet Garcia, retired health worker Remy Ysmael, nursing aid and caregiver Rose Mary Ann Solinap, nurse Cyruz Tupal, dentist Grace Aure and community nurse Julie Passi.

The partylist said they have no goons, guns and gold, but with their principles and platform, and with the health workers and the Filipino people on their side, "we are positive that we will prevail."



TEAM UA: Mas marami pang programa at proyekto na lalong mag-aangat at magpapa-alwan sa buhay at kabuhayan ng mga mamamayan ng Maragondon ang ipinangako ng tiket ni Mayor Lawrence 'Umbe' Arca sa ginanap na proclamation rally kamakailan.

Ipinakilala ni Mayor Arca, kasama si Vice Mayor Bernie Ilagan ang mga kandidatong konsehal ng munisipalidad sa proklamasyon na nagpahayag ng buong suporta si Cavite Gov. Jonvic Remulla, Agimat Partylist Rep. Bryan Revilla, at Magallanes Mayor Jasmin Maligaya-Bautista na tatakbong provincial board member ng 8th District. Buong istorya sa Revanze kolumn, pahina 8.

Police Lt. Col., 2 pa, pinasisibak sa serbisyo

INIREKOMENDA ni Inspector General Brigido Dulay, hepe ng Philippine National Police-Internal Affairs Service (PNP-AIS) na burahin sa serbisyo ang tatlong pulis na sangkot umano sa pagkawala ng dalawang (2) tao na inaresto sa isang checpoint sas Cavite

noong nakaraang taon.

Hindi pinangalanahan, sinabi ni Atty. Dulay na ipinadala na niya ang rekomendasyon kay PNP chief Gen. Rommel Francisco ang pagsibak sa tatlong pulis -- isang Lt. Colonel, isang police Chief Master Sergeant at isang

Patrolman na pawang nakadestino sa Imus City Police Station.

Mariing itinatanggi ng tatlong pulis ang paratang, gayunman, may mga testigo at kuha sa CCTV na kita ang pag-aresto sa dalawang magkaangkas sa motorsiklo

Sundan sa pahina 2

Bakit ayaw ng Google sa Pilipinas?
MAKIKIRAAN PO!

Cavite BPSF, lahat nabiyayaan, walang naiwanan!
Sundan sa pahina 4

7,436,555 bagong botante

Doc Willie, Marcoleta tatakbo rin sa Senado

INIREPORT ng Commission on Elections (Comelec) na nadagdagan ng 7,436,555 indibidwal ang nagparehistro na nagpahayag ng pagnanais na bumoto sa darating na eleksyon sa Mayo 2025.

Sa bilang na ito, 3,805,587 ay babae, at 3,360,968 ang lalaki.

Sa rekord ng poll body, Calabarzon ay may pinakamaraming bagong botante, sa bilang na 1,223,15; kasunod ang National Capital Region, 997,062, at Central Luzon, 834,467.

Sa Cordillera Administrative Region, ang Sundan sa pahina 2



Rep. Rodante Marcoleta



Doc. Willie Ong

PBBM appoint Orbos as new PTV chief; De Castro gets PIA post; lawyer Taparan to head NPO

PRESIDENT Bongbong Marcos has appointed former executive secretary Oscar Orbos as acting chairperson and member of the Board of Directors of the government's People's Television Network, Inc. (PTNI).

Orbos, who served as executive secretary as well as transportation and communications secretary under the administration of late President Cory Aquino, took his oath yesterday before Executive Secretary Lucas Bersamin, the Presidential Communications Office said.

The new PTNI head



Oscar Orbos

was a former congressman for Pangasinan's first district from 1987 to 1990 and as governor of the province from 1995 to 1998.

Meanwhile, Marcos appointed former PTNI general manager Katherine Chloe de Castro



Katherine Chloe de Castro

as director general of the Philippine Information Agency (PIA) and Atty. Francis Carlo Taparan as Director IV of the National Printing Office (NPO).

Taparan was previously head of the Legal Department of the Caloocan City government.

7,436,555 bagong botante... *from page 1*

bagong botante ay 111,410, at sa opisina ng Comelec sa Maynila, nagtala ito ng 9,201 bagong botante.

Samantala, inihayag ni Sagip partylist Rep. Rodante Marcoleta na handa na siyang tumakbo sa Senado, kasunod ng maraming endorsement sa kanyang kandidatura mula sa iba-ibang samahan, kabilang ang mga miyembro ng

Kingdom of Jesus Christ (KOJC).

Tiyak na may solidong boto rin si Marcoleta mula sa kinasasapiang Iglesia ni Cristo (INC) at mula sa tropa ng mga kapanalig ni Vice President Sara Duterte.

Naghariap naman ng COC para sa Senado si Dr. Willie Ong, kilalang cardiologist at internet personality na

nagpapagaling sa sakit nitong kanser.

Ang maybahay niyang si Dr. Liza Ong ang naghain ng kanyang COC, ayon sa Comelec.

Sa kanyang media post, sinabi ni Ong na mangangampanya sa pamamagitan ng social media at sa tulong ng maraming samahan at in dibidwa na nangakong susuporta sa kanyang kandidatura.

Police Lt. Col... *from P.1*

na inрестo noong Hulyo 13, 2023.

Ikinulong ang dalawang lalaki, makaraan ang isang oras, ineskortan palabas ng piitan, pero mula noon, hindi na sila nakitang buhay.

Ayon kay Dulay, wala sa oras ng pagtupad sa tungkulin ang tatlong pulis, kaya walang otoridad na magsagawa ng checkpoint.

Inaresto ang dalawa sa hinalang may dalang ilegal na droga.

Sabi pa niya, umaasa siya na sa

iginawag na resolusyon, kahit sa malit na paraan, makararamdam ng hustisa ang pamilya ng dalawang lalaki na hanggang ngayon, hindi matiyak kung buhay o patay na.

Ipinangako ni Dulay na gagawin niya ang lahat ng makakaya sa kaloob na kapangyarihan na protektahan ang publiko sa pag-abuso ng mga tiwaling pulis.

Nabatid na ang pag-aresto sa dalawa ay hindi inirekord sa police report ng mga ipinasisibak sa serbisyo.

/Janet W. Bilbao

Mga kandidato ng Makabayani, ipinakilala

SA isang pambansang kumbensyon ng Makabayani Coalition kamakailan, ipinakilala nito sa publiko ang mga kandidatong senador at partylist sa darating na halalan sa Mayo 2025.

Ayon sa koalisyon, inihahapag nila sa mamayan ang alternatibong politika laban sa umiiral na marumi, kurakot at

pahirap sa taumbayan na mga dinastiya ng mga pulitiko at mga kapitalista at malalaking panginoong maylupa.


"Tambayan naman," sabi ni Rafael Mariano, dating kinatawan ng Anakpawis Partylist at kasalukuyang co-chairperson ng Makabayani.

Ayon sa lider ng

Makabayani isusulong nila ang paglikha ng mga industriya tulad ng manupaktura upang magkaroon ng sapat na trabaho ang malawak na mamayan ng Pilipino.

Kung sakaling maluklok sa Senado, palalakasin ng mga Makabayani Coalition ang lokalin na produksyon bigas at iba pang produktong

Bakit ayaw ng Google sa Pilipinas?



MAKIKIRAAN PO!

★ Janet W. BILBAO

TUMATAGINTING na Php30 bilyon ang paunang bayad sa pagsasapribado ng Ninoy Aquino International Airport (NAIA) -- na dapat ibalik sa pangalang Manila International Airport (MIA).

Nasa pamamahala ito ngayon ng a San Miguel Corp. (SMC), at natural lamang, babawiin ng kompanyang ito ang paunang bayad.

Nasa national treasury na ba ang perang ito, Finance Sec. Ralph Recto?

May pangakong mas mabuting serbisyo sa NAIA ang ibibigay ng SMC, sana nga mangyari ito.

Sabi ni Recto, simula ng mabuting income ang kasunduang ito para sa gobyerno, at "xxx the government is expected to generate roughly P900 billion in revenues from this deal over the entire term."

Ang deal ay "15-year concession period, extendable by another 10 years."

Ito, paniniwala ni Recto ay pagmumulan ng revenue source na humigit-kumulang sa Php P36 billion bawat taon.

Ipoondo raw ito para sa mga projekto sa edukasyon, serbisyo sa kalusugan at impreestructura.

Sa halagang ito, pwede nang itaas sa level-entry na Php50 sa baguhang guro ng public

agrikultural upang hindi na umasa sa importasyon at magkaroon ng mura at sapat na suplay ng pagkain sa bansa.

Kasama ng mga kandidato sa pagkisenador ng Makabayani sa pagsusulong ng kanilang plataporma ang mga progresibong partylist na Bayan Muna Partylist,



ADJUSTED
NAIA TERMINAL FEE
International flights P550 ▲ P950
Domestic flights P200 ▲ P550

schools, dagdag na sahod sa non-teaching personnel at mag-hire ng iba pang kawani na tutulong sa marami at tambak na gawain ng mga guro.

'Wag lang pulis, sundalo at mga bossing sa gobyerno ang taasan ang sahod, sa halip, unahin ang mga gurong nagsilbi na ng mahabang taon.

Eto at malapit na naman ang eleksyon, mabubugbog na naman ang mga gurong magsisilbi sa halalan, maano bang ibigay agad ang kalahati bago ang eleksyon, at ang kalahati o kabuuan matapos ang bilangan.

Nangyari, inaabot ng maraming buwan na naiutang na ang ganansiya sa pagsisilbi sa eleksyon, nakanganga pa rin ang mga gurong pinaasa ng maagang compensation.

Mangyari nawa ang pangakong ito ni Recto!

@@@

Eto ang masayang balita para sa kanila, hindi sa PH.

Google invests \$1-Billion in Thailand; S2-B in Malaysia; and \$5-B in Singapore.

Ayon ito sa Buzz Asean.

Bakit ayaw ng Google sa atin, kasi dahil magulo,



Rafael Mariano

Gabriela Women's Party, ACT Teachers Partylist at Kabataan Partylist.

dahil, ayon sa balita, tadtad tayo ng korapsyon, at di sigurado ang kapalaran ng mga dayuhang investor.

Ano kaya ang paliwanag dito ng Presidential Communications Office (PCO at hello, Sec. Recto.

@@@

Hey, ano nasa utak ng Philippine Navy (PN) natin, huh?

Dahil naka-2 gold medal sa Olympics si Carlos 'Caloy' Yulo, pwede na siyang maging kasapi ng Reserve Force nito.

Hey, this boy is not fit to be a Reserve Officer of PN -- hindi siya magandang ehemplong kabataan na ingrato sa mga magulang.

Isa sa katangian ng isang mahusay na PN member ay ang paggalang sa otoridad, kasama, at una, ay sa mga magulang, at wala nito si Yulo.

AFP chief of Staff at Defence Gibo Teodoro, asan ang inyong wisyo?

Kaya di tayo o umaasenso kasi, sunga tayo.

Tingnan ang Vietnam, dinurog ng US sa giyera nito na umabot ng kulang na 30 taon, pero ngayon, naunahan na tayo -- may sariling car manufacturing, maayos ang ekonomya at may malakas na depensa militar.

Umaasa sa sarili ang Vietnam, pero tayo, pawn ng US at may pakarang isusubo pa tayo sa giyera versus China,

Gayong ang usapin sa South China Sea (na kabahagi ng West Philippine Sea) ay makukuha sa usapan, tulad ng ginawa ng Vietnam, Indonesia at ng Malaysia -- na kaagaw rin natin sa SCS dispute!

Happy reading, mga suki na minsa a BantayBalita!



Kiko Barzaga, Jess Frani, Mayor Jenny A. Barzaga, former 4th Provincial Board Member Vale Encabo


**BUSISIIN
NATIN**

★ Tom Halim

Team Dasma vs. Team Encabo

Sila ang magkakatunggali sa nalalapit na 2025 election sa Lungsod ng Dasmariñas City, Cavite, bagama't malapit na ang pag-pa file ng certificate of candidacy na nakatakd sa unang linggo ng Oktubre at saan man okasyon ipinapakilala na ng Team Dasma ang kanilang pambatong Congressman na si Kiko Barzaga at ang kasalukuyan parin Mayor ang tatakbong Mayor. Samantalang ang pambato naman ng Team Encabo na Congressman ay walang iba kundi ang Tito nitong si Kiko Barzaga na si Jesse Frani at ang Mayor si Vale Encabo. Sa talumpati ni Mayor Jenny kamakailan mariin umanong sinabi nito na kahit sino man ang gustong kumalaban sa kanya

ay hindi siya natatakot na ibig sabihin buong buo parin ang tiwala nito na mahal siya ng kanyang mga kababayan na bagama't wala na si Cong. Pidi na sumikat ang pangalan dahil sa pagiging Action Man at birador sa kongreso na nagpaunlad ng Lungsod na tinawag na "Sulong Na Sulong Pa". Ayon naman kay Vale Encabo, ito naraw ang panahon na mamiili ng karapat dapat ang mamamayan ng Lungsod para sa makabagong paglilingkod at kanya raw uunahan ang mga hinaing ng taong bayan lalong lalo naraw sa Peace and Order at problema sa Tubig, kaya raw ang kanyang Motto "Serbisyo sa tao, hindi kailangan sinasabayang Negosyo".



Ang dalawang ito ang sinasabi na napakasipag pag dating na serbisyo at halos walang absent ang mga ito na palagi niyong makikita sa loob ng Session Hall na ibig sabihin hindi trapo o nagbubutas ng bangko ang mga ito. Si SPM Kevin Tapawan ang may hawak ng committee on Health Woman and Family at si SPM Jorge Magno naman ang may hawak ng Environment. Kaya't hindi kataka -takang umakyat ang boto ng mga ito tulad din nila SPM Rudy Lara, SPM Rey Canaynay, at SPM Rubin Cantimbuhan.

Hindi espiya si Mayor Guo? Tatakbo uling mayor ng Bamban

DUDA si National Security Council (NSC) Assistant Director Gen. Jonathan Malaya na espiya ng China si dating Bamban (Tarlac) Mayor Alice Guo.

Sinabi ito ni Malaya sa interbyu ni Atty. Lia Badillo- Crisostomo ng The Manila Times (TMT) Prime Times noong Martes, Okt. 1.

"Espionage is a reality in the Philippines," sabi ni Malaya.

Ayon pa sa kanya, wala o kulang ang reaksiyon ng China at hindi tumutugma ang mga detalye sa hinala na espiya si Guo.

Sa House at Senate inquiry, sinabi ni She Zhejiang -- isang kilabot

na "online scam king" sa Myanmar na espiya raw si Guo.

Nagpakita ng mga dokumento si She na tinukoy na "Guo Hua Ping" ang tunay na pangalan ni Mayor Guo, at ang ina nito ay si Lin Wen Yi na nabanggit ang pangalan sa pagdinig sa Senado.

Mariing tinanggi ni Guo na siya ay espiya, at sinabi: "Hindi po ako espiya, mahal ko ang Pilipinas."

Inaakusahan na sangkot sa human trafficking, money laundering, korapsyon at sa ilegal na operasyon ng POGO (Philippine Offshore Gaming Operations) si Guo.

Samantala, sinabi

ng Commission on Elections (Comelec), wala itong awtoridad na kansela hinang certificate of candidacy (COC) ni Guo kung nais nitong tumakbo uli na alkalde ng Bamban.

Sinabi ni Atty. Stephen David, kakandidato uli si Guo na nakapiit sa Camp Crame.

Ayon kay Malaya, criminal mastermind si She, at posible na

idinadawit niya si Guo upang makatulong ito sa paghingi niya ng political asylum sa Thailand na duon ay kasaluyang nakapiit.

Hindi pa validate, sabi ni Malaya ang hinala na si Guo ay ahente ng China.

"She (Guo) would have been extracted by China as soon as her name surfaced," sabi ni Malaya



NSC Assistant Director General Jonathan Malaya



Dismissed Bamban Mayor Alice Guo

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!

Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2, Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite

E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com
bantaybalitanews59@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com

Phone: 09274890759 / 09289406369

ISSN No. 2984-8563

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyan publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa Kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahiiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.

**BANTAY
BALITA**
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

HENRY E. CAOILE
Founder

DOMZ B. CAOILE
Publisher

ELI TAPARAN II
Editorial Consultant

ADELA R. ZAMORA
Special Projects Director

JANETH W. BILBAO
Circulation Manager

GENE T. TAN
Chief of Reporters

member
PAPI

**PUBLISHERS ASSOCIATION
OF THE PHILIPPINES INC.**

Advertise with us!

We are now offering publication of legal requirements for:

* Extra-Judicial Notices * Self-Adjudication * Correction in Live Births * Correction in Names and Surnames* Affidavit of Loss* Obituaries, and other legal notices, notarial services and other publication needs.

Email us at domzcaoile@yahoo.com; taparaneliseo@gmail.com; sarfia926@gmail.com; arzmedia777@yahoo.com; or text/call: 0927-489-0759 / 0928-940-6369.

Please contact us for inquiries.



Cavite BPSF, lahat nabiyayaan, walang naiwanan!

Mahigit sa 120,000 Cavitenyo ang tumanggap ng biyaya at kalinga idinaos na 24th Bagong Pilipinas Serbisyo Fair (BPSF) sa Cavite na pinangunahan ni House Speaker Martin Romualdez.

Dala ang adhikang "Mabilis, Maayos, Maginhawa at Masayang Serbisyon Publiko," binuksan ni Speaker Romualdez ang BPSF sa Kawit, katuwang sina Cavite Gov. Jonvic Remulla, Sen. Bong Revilla, 1st District Rep. Jolo Revilla,

2nd Dist. Rep. Lani-Mercado-Revilla, Agimat Partylist Bryan Revilla at halos 200 kongresista ng 19th Congress.

Sa harap ng nagkakatipong Cavitenyo, sinabi ni Romualdez na Bagong Pilipinas Serbisyo Fair ay patunay sa pagpanais ni Pangulong BBM (Bongbong Marcos na walang maiwan sa Bagong Pilipinas.

"Dito (BPSF), mabilis, maayos, maginhawa at masaya ang serbisyon hatid natin sa bawat Pilipino,"

sabi ni Romualdez.

Ang BPSF, sabi pa ng Speaker, ay isa sa flagship project ni PBBM na sinumulan noong 2023 sa layuning ilapit at ibigay sa mamamayang Pilipino ang nararapat na serbisyon gobyerno.

Sa Imus City, pinangunahan ni Mayor Alex 'AA' Advincula, kasama si 3rd Dist. Rep. AJ Advincula at mga opisyal ng lungsod ang pamamahagi sa 10,000 Imuseño na benepisyaryo ng Cash Assistance and Rice

Distribution (CARD) program.

Bawat isa sa benepisyaryo ay tumanggap ng Php5,000 cash gift at 10-kilong bigas mula kay Romualdez na tinaguriang Master of Rice.

Ang matagumpay na BPSF caravan ay tumakbo sa magkasunod na araw ng Biernes at Sabado (Set. 27-28) na makikita ang pocket booth sa Cavite na doon, maayos na naisagawa ang CARD program, Integrated Scholarship and Incentives Program (ISIP) at Start-Up Investment, Business Opportunity and Livelihood Program (SIBOL).

Sa Gen. Trias, umalay sina Mayor Jonjon Ferrer at 6th Dist. Rep. Ony Ferrer sa tropa ni Speaker

magkasunod na araw ng Biernes at Sabado (Set. 27-28) naglagay ng pocket booth sa mga bayan at lungsod ng Cavite na doon, maayos na naisagawa ang CARD program, Integrated Scholarship and Incentives Program (ISIP) at Start-Up Investment, Business Opportunity and Livelihood Program (SIBOL).

Romualdez sa pampamahaging biyayang muna sa BPSF. Sa kabuuan, nabatid na umabot sa mahigit na Php276-milyon ang naipamahagi ng CARD program at mahigit sa 255,500 kilong bigas ang natanggap ng mga benepisyaryo.

Target ng BPSF na makapagbigay ng serbisyo at tulong sa 82 probinsiya sa buong bansa. katuwang ang 61 agensiya ng pamahalaan. /BantayBalita

DOST trains 17 Misamis Oriental agri-personnel on product development

THE Department of Science and Technology (DOST), with its Mobile Modular Food Processing Facility (MMFPF), or the Food on the Road Innovation Processing Facility (FoodtrIP), trained 17 personnel from the Provincial

Agriculture Office (PAGRO) of Misamis Oriental on September 13, 2024.

The session, titled "Innovation on Wheels: Product Development using FoodtrIP," was held at the Misamis Oriental Center for Sustainable Development (MOCSID)

in Claveria.

This training aligns with DOST's strategy to ensure regional food security by empowering human resources to produce products from the mobile processing facility.

It also contributes to Sustainable Development Goal

(SDG) 12, which ensures sustainable consumption and production patterns.

Specifically, the training targets SDG 12.3, which seeks to halve global food waste by 2030 by reducing food losses throughout the supply chain, including post-harvest stages.

FoodtrIP is designed to convert surplus agricultural products into value-added goods, minimizing waste and promoting the sustainable use of resources.

In his message, former TESDA Provincial Director Leo V. Velez mentioned that the training would spark community economic activity and entrepreneurial growth, ultimately leading to



Trainees applying their learning on the production of dried squash inside the mobile food processing facility

more jobs.

Ms. Erlyn Grace Aguilar of the Northern Mindanao Food Innovation Center (NMFIC) who led the training, delivered a comprehensive lecture on product development and its role in creating market-ready, innovative food products.

Engr. Evy Elago, Division Chief of the Agricultural and

Biosystems Engineering Division (ABE), who concluded the even, emphasized the importance of continuous skills development in enhancing local food production, driving economic growth, and reducing agricultural waste.

For information, contact Ms Nova Velle C. Olloves, Science Research Specialist II.



Group photo of the trainees of the "Innovation on Wheels: Product Development using FoodtrIP"

Kabuhayan, turismo palalaguin pa: Alfonso Mayor Salamat

SINAMAHAN ng maraming matapat na suporta si Alfonso Mayor Randy Salamat sa paghaharap nito ng certificate of candidacy (COC) para sa darating na midterm elections sa Mayo 2025.

Sa kanyang mensahe, sinabi ni Mayor Salamat na lalo niyang pagsisikapan na mapauylad ang bayan ng Alfonso.

Kung muli ng mauupo bilang alkalde, ito na ang ikatlo at huling termino ni Salamat na sa pamumuno niya, nakilala ang Alfonso bilang isasa sa nangungunang tourism destination sa Cavite.

Kilala rin ang Alfonso na pinagkuhanan ng dekalidad na produktong gulay, prutas na dinadala sa mga pamilihan ng lalawigan at maging sa Metro



#ResponsablengSerbisyo

Manila.

Ito ay bunga ng maraming tulong ng lokal na pamahalaan, katuwang ang mga ahensiya ng gobyerno na ibinibigay sa sektor ng agrikultura.

"Maraming salamat po sa inyong pagtitiwala sa amin at kung kami po ay muli nyo ng pagtitiwalaan, makakaasa po kayo, lalo nating palalaguin ang kabuhayan ng ating pamamahala at sa maraming pakinabang na matatamo ng ating

Mayor Salamat.

Aniya, mula nang manungkulan siya, dumami ang investor na na m u h u n a n s a munisipalidad.

"Katunayan, maraming invitation mula sa malalaking company na nais mamuhunan may hindi ko na mapuntahan. Ito po ay patunay na buo ang tiwala nila sa ating pamamahala at sa maraming pakinabang na matatamo ng ating

mga kababayan," sabi ng alkalde.

Naipakita ni Mayor Salamat ang katunayan ng slogan niyang "Responsableng Serbisyo"-- na sunod sa kanyang pangalan sa pagkakaloob ng mga benepisyo sa mas nangangailangan ng sektor ng mamamayan ng Alfonso, tulad ng mga senior citizenz, single parents, PWDs at iba sektong ng maliliit na manggagawa.

coordinating with the government agency tasked to provide social housing for its members.

"Gusto kong makatulong sa ating mga miyembro na magkaroon sila ng sariling bahay nang walang down payment," Veloso said.

He added that the GSIS has teamed up with the Japan International Cooperation Agency in a new technical agreement to help the pension fund grow its insurance business and continue to safeguard civil servants and government assets.

"Ito po ay upang ating maprotektahan ang mga ari-arian at mga assets ng ating GSIS members and employees," the veteran banker said./DOMZ B. CAOILE

GSIS is in capable hands!



IN a press conference held Wednesday, Oct. 2, at Basy Leaf Hotel in General Trias City, President and general-manager Jose Arnulfo 'Wick' Veloso has assured that the Government Service Insurance System (GSIS) is making sure that the retirement benefits of government employees are well-managed.

Wick Veloso, who is a veteran banker, brings to the

state pension fund his vast banking experience spanning 36 years, both domestically and internationally.

He told the Cavite media that under his management, the GSIS state of affairs, the members benefits has been improved and that pensioners and members are granted low-interest loans with longer repayment period, and bigger loan amounts.

The agency has over two million state employees and some 550,000 pensioners.

One of the many reforms Veloso has instituted was the launch of the GSIS Digital ID Service which coincided with the fund's 87th year.

At present, he said that the state pension fund is

AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **ROBERTA CALVENTO DUCULAN** WHO DIED ON MARCH 21, 2022 AT 880 SAN JOSE ST. ILAYA LAS PIÑAS CITY, METRO MANILA LEFT A PARCEL OF LAND LOCATED AT BLK.14 LOT 28 PH.1, WEST PLAINS SUBD. BRGY. SAN AGUSTIN, TRECE MARTIREZ CITY, CAVITE EXTRA JUDICILY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. ELPIDIO M. PALIGUTAN UNDER DOC. NO. 36 PAGE NO. 19 BOOK NO. IX SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE: SEPTEMBER 26, 2024

BANTAYBALITA News Publishing Services
SEPTEMBER 30, OCTOBER 7 & 14, 2024

EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF MOISES AALA LUCIDO WITH RENUNCIATION OF RIGHTS

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **MOISES AALA LUCIDO** WHO DIED ON NOVEMBER 01, 2014 AT SILANG, CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND SITUATED IN MAGUYAM, SILANG, CAVITE COVERED BY TAX DECLARATION NO. AA-18-0036-01473 CONTAINING AN AREA OF 1,5000 EXTRA JUDICILY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC. NO. 162 PAGE NO. 33 BOOK NO. 172 SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE: SEPTEMBER 25, 2024

BANTAYBALITA News Publishing Services
SEPTEMBER 30, OCTOBER 7 & 14, 2024

DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE DECEASED PERSON WITH RENUNCIATION OF RIGHTS

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE PERSON JOVITA CAYETANO SUAZA WHO DIED ON NOVEMBER 06, 2009 AT LOS ANGELES, CALIFORNIA LEFT A PARCEL OF LAND SITUATED IN THE MUNICIPALITY OF KAWIT, PROVINCE OF CAVITE, COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-40818 CONTAINING AN AREA OF TWO HUNDRED TEN (210) SQUARE METERS EXTRA JUDICILY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC. NO. 352 PAGE NO. 71 BOOK NO. 171 SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE SEPTEMBER 12, 2024

BANTAYBALITA News Publishing Services
SEPTEMBER 30, OCTOBER 7 & 14, 2024

EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **CLARITO M. BUSTAMANTE** WHO DIED ON AUGUST 12, 1999 IN IBAYO ESTACION, NAIC CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE NO. 057-2015010026 SITUATED IN THE BRGY. OF HALANG, NAIC CAVITE CONTAINING AN AREA OF FIVE THOUSAND EIGHT HUNDRED FORTY SQUARE METERS (5,840) EXTRA JUDICILY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC. NO. 428 PAGE NO. 86 BOOK NO. 172 SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE: OCTOBER 02, 2024

BANTAYBALITA News Publishing Services
SEPTEMBER 30, OCTOBER 7 & 14, 2024

EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF FERNANDO PERELLO WITH WAIVER OF RIGHTS

